

Pagpunta sa hospital sa unang pagkakataon, kalimutan nag-aalala ukol sa "procedure" ganun din sa uri ng karamdaman. Kung alam ang "MEDICAL QUESTIONNAIRE" madaling bumisita sa hospital.

Ano ang "MEDICAL QUESTIONNAIRE" (Monshinhyo) ?

Kung pupunta sa "medical institution" ikaw ay tatanungin ukol sa iyong kalusugang kondisyon, at ibpa.

Sa Japan, pagpumunta sa hospital sa unang pagkakataon, ikaw ay tatanungin sa "reception area". Ang "medical questionnaire" ay gagamitin upang malaman ng doctor ang pangunahing kondisyon ng iyong kalusugan.

Maraming detalye tanong sa "form" para sa kaalaman ng iyong kasalukuyang kundisyon ng iyong kalusugan, at ibpa. Ang katanungan ay iba-iba depende sa hospital. Maaring ikaw ay maguluhan sa mga tanong at di maunawaan termino medikal. Upang ito ay maiwasan kailangan magkaroon ng kaalaman sa termino medikal sa salitang hapon habang nasa mabuting kalagayan. Ang kaalaman ay magiging kagamit gamit sa hospital.

Ang mga sumusunod ay halimbawang tanong. Kung magpapasuri sa "internal medicine" (stomach examination) ito ang mga katanungan.

Pangalan		Kapanganakan	Edad	Kasarian Lalaki Babae
Tirahan			Telepono	
①	Anong nangyayari sa iyo? • fever • sore throat • cough • headache • stomachache • diarrhea • nausea • vomiting • others			
②	Ilang araw na ang nararamdaman mo?			
③	Meron kabang "allergy" sa gamot o pagkain?			
④	Meron kabang iniinom na gamot sa kasalukuyan?			
⑤	Anong mga sakit ang naranasan dati pa?			
⑥	Katanungan sa babae: Ikaw ba ay buntis o may posibilidad na mabuntis? Oo (buwan) Hindi sigurado Hindi Ikaw ba ay nagpapa dede? Oo Hindi			



※Reference : "Multilingual Medical Questionnaire" produced by NPO International Community Hearty Konandai, Kanagawa International Foundation <http://www.k-i-a.or.jp/medical/>

Tungkol sa ibat-ibang klase ng sakit, ang katanungan ay lagging kasama ang ukol sa "allergies" o gamot na kasalukuyang ini-inom. Kung merong "allergies" o may ini-inom na gamot, kailangang alam ang klase ng "allergies" at gamot na ini-inom. Kung maari ipakita ang gamot sa doktor.

Kailangan alamin din ang lokasyon ng hospital sa iyong lugar at pumunta sa "Japanese class" upang mag-aral ng "Japanese medical terms". Ikaw ay magiging kalmado kahit may sakit. Upang maiwasan ang mag panic, palaging dalhin ang kumpletong multilingual medical questionnaire. (Sinulat ni: Junko ARAI)

www.ficec.jp/foreign/

●FICEC's office moved to new location. The new address is on the last page.

Libreng tuloy-tuloy na pagsalin ng wika konsultasyong serbisyo "via cell-phone" ay meron na.



Naranasan mo na bang magdalawang isip pumunta sa city hall sa dahilang hindi ka sigurado sa kakayanang magsalita ng hapones? O, ikaw ay nagka problema sa pakikipag-usap? Upang bigyang solusyon ang problema, Ang Fujimino

International Cultural Exchange Center ay naglunsad ng tuloy-tuloy na pagsalin ng wika "via cell phone" sa tulong ng Saitama prefecture simula Setyembre. Ito ay Libre! Itong tuloy-tuloy na pagsalin ng wika ay inilunsad bilang subukin ang pagsalin wika hanggang sa Marso, 2011. Ngayon, 9 na munisipalidad at bayan sa Saitama Prefecture (Asaka-city, Kazo-city, Kawaguchi-city, Kawagoe-city, Hanno-city, Higashimatsuyama-city, Namegawa-town, Misato-city and Warabi-city.) ay naglunsad ng libreng serbisyo. Ang pamaraan ng serbisyo ay ang mga sumusunod. ① pumunta sa "information booth" ng city hall at magtanong ukol sa serbisyo. (Inirerekomenda na isulat ang nais sabihin.) ② pumunta sa departamento ③ sabihin na kailangan ng tagasalin o ipakita ang nakasulat na mensahe. "Kailangan kop o ng tagapagsalin". ④ Ang "personnel" ay tatawag sa telepono ⑤ maaring kumunsulta sa "personnel" sa pamamagitan ng "interpreter" na nakatalaga. Para sa detalye, tumawag po sa Fujimino International Cultural Exchange Center.

Sa iyo na hindi pa nag-aplay ng "child rearing allowance".

Simula Agosto, 2010, ang "Child Rearing Allowance" ay pinagkaloob pareho sa solong ina at ama ng pamilya. Kung ikaw ay hindi pa nakapag-aplay o hindi mo alam ang sistema, maari po lamang na sumadya ng madali sa "Child Support Section". Ang "allowance" ay ibibigay sa susunod na buwan pagkatapos ng aplikasyon.

Kalusugang pagsusuri sa mga tumatanggap ng "welfare benefits"

Para sa mahusay na kalusugan, napakahalaga mag pa "check-up" ng regular. Ang Fujimino-city ay nagkaloob ng kalusugang pagsusuri sa mga tumatanggap ng "welfare benefits".

Ang pagsusuring ito ay para indibidwal na nasa edad 40 pataas sa loob hanggang Marso 31 ng susunod na taon. Ito ay Libre! Sa pag aplay, pumunta sa Kamifukuoka Health Center at kumuha ng "form" ng konsultasyon medikal. (Matatangap din sa "mail".)

Kung pupunta para mag pasuri huwag kalimutan ang "health check-up", huwag kalimutan ang "welfare recipient certificate".

Magpasuri para sa hepatitis B at hepatitis C

Hepatitis B at C na pagsusuri ay meron na. Ang pagsusuri ay para sa isa na ang edad ay 40 pataas na kapaloob hanggang Marso 31 ng susunod na taon. Subalit, nasuri na dati pa, at ikaw ay ginagamot o nasa "wait-and-see" na sitwasyon ang serbisyon ito ay Libre! Mag-aplay sa Kamifukuoka Health Center at maka-katangap ng detalyeng instraksyon.

Ang Soba ay gusto ng mga hapones.

Para sa amin ito ay para sa malusog at pampahaba ng buhay.

Kadalasan kami ay kumakain ng "Toshikoshi soba" sa New Year's Eve nagdarasal ng mabuting kalusugan at mahabang buha. Ang FICEC's "Japanese class" ay merong spesyal na kasiyahan "Soba Dojo" upang maranasan ang kustombre ng hapones. Ms. Tozuka kilalang guro ng "Japanese class" ay magtuturo kung paano ang "sobako" (buckwheat flour) ay gawing noodles.

Iyong matutunan ang pag masa ng "soba dough" at gumawa ng "handmade" soba. Ito ay "free-for-all" at "free-of-charge" na kasiyahan. Hindi lamang para sa FICEC "Japanese class" ganun din sa mag-aaral ng 2 kalapit na munisipalidad, bayan, at ibpa. ay maaring makisaya. Lahat ay imbitado. Halina pumunta kasama ng inyong guro. Tayo ay mag saying gumawa at kumain ng "authentic" soba.

◆ Oras at Araw : December 16th (Thu)

Magsimula ng 11:00 a.m.

"Making Soba" sa Japanese Class December 17th

Halina mag-aral ng "Japanese" sa FICEC. Kami ay maghihintay sa inyong pagdating.

Tatlong buwan ng nakalipas simula na ang FICEC ay lumipat sa bagong lugar. Ito ay may kalayuan mula sa istasyon ng Fujimino, ito ay maaliwalas, at malinis na lugar. Simula ng paglipat maraming mag-aaral sa "Japanese class" ay huminto ng pagpunta. Halina at dumalo sa "Japanese class" kasama ng iyong kaibigan at kakilala na bago sa Japan. Mga guro ay naghihintay sa inyong pag bisita. Kung di alam ang pagpunta sa bagong lugar, maari pong tumawag sa FICEC. Ang miyembro ng staff kayo ay susunduin.

☎ 049-256-4290 Kami po ay maghihintay sa inyong pagdating.

Japanese-Language Class is held every Thursday, from 10:00 to 12:00

www.ficec.jp/living/

● A new office is a 20-minute walk from fujimino station. Please see the last page for details.